# Mga Paraan at Kasanayan sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**Ipalit ang pangalan:** Para matulungan ka na maiugnay ang mga doktrina at alituntunin mula sa mga banal na kasulatan sa iyong buhay, ipalit ang iyong pangalan sa pangalang nasa mga banal na kasulatan. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa pag-aaral ng banal na kasulatan sa pangalan ni Pedro sa Mateo 16:15–17.

**Sanhi at epekto:** Para matulungan ka na matukoy ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga banal na kasulatan, hanapin ang "kung–sa gayon" at "dahil–samakatwid," na mga pahayag na may pasubali o may kundisyon. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa Mateo 6:14–15.

**Mga listahan sa mga banal na kasulatan:** Ang mga banal na kasulatan ay kadalasang naglalaman ng mga listahan ng mga bagay-bagay tulad ng mga tagubilin o babala. Kapag may nakita kang listahan, lagyan ng numero ang bawat bagay na nakalista rito. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa Mga Taga Galacia 5:22–23.

**Paghahambing:** Ang mga banal na kasulatan ay madalas maghambing ng mga ideya, pangyayari, at tao. Ang mga paghahambing na ito ay nagbibigay-diin sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Tingnan ang mga paghahambing na nasa iisang talata, sa mga kabanata, at sa iba pang mga kabanata at aklat. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa Mateo 5:14–16.

**Ilarawan sa isip:** Maghanap ng mga detalye na makatutulong sa iyo na mailarawan ito sa iyong isip habang nagbabasa ka. Isipin na kunwari ay naroon ka sa isang pangyayari. Ito ay magpapalakas sa iyong patotoo tungkol sa katotohanan ng nabasa mo sa mga banal na kasulatan. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa Mateo 8:23–27.

**Simbolismo:** Ang mga salitang *katulad, gaya,* o *inihalintulad sa* ay makatutulong sa iyo sa pagtukoy ng mga simbolo. Alamin ang ibig sabihin ng simbolo sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pag-iisip nang mabuti sa mga katangian nito. Ang mga tulong sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan tulad ng mga footnote, Bible Dictionary o Gabay sa mga Banal na Kasulatan ay makatutulong sa iyo na mabigyang-kahulugan ang ilang simbolo. Subukang gamitin ang kasanayang ito sa Mateo 13:24–30.

**Mga cross-reference:** Kadalasan, naipapaliwanag o nalilinaw ng isang talata sa banal na kasulatan ang isang parirala o konsepto na nasa ibang talata. Iugnay ang mga talata sa isa't isa sa pamamagitan ng paggamit ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan para matulungan na malaman ang kahulugan ng talata sa mga banal na kasulatan. Practice this skill by reading John 10:16 and then following the cross-reference in footnote *a* to 3 Nephi 15:21. [No translation] How does reading 3 Nephi 15:21 help you better understand the meaning of John 10:16? [No translation]

**Pagninilay:** Ang pagninilay ay pag-iisip nang malalim, pagtatanong, at pagsusuri sa nalaman at natutuhan mo. Ang pagninilay ay tumutulong sa atin na maunawaan ang kailangan nating gawin para maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Pagnilayan kung paano mo maipamumuhay ang mga katotohanan sa Sa Mga Hebreo 12:9.

**Pagsasabuhay:** Kapag natukoy at nalaman mo ang mga doktrina at alituntuning matatagpuan sa mga banal na kasulatan, magkakaroon ka ng mas malalim na kaalaman sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa mga katotohanang natuklasan mo. Sinabi ng Tagapagligtas, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kalooban [ng Ama sa Langit], ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:17). Maghanap ng mga pagkakataon na magamit ang natutuhan mo habang pinag-aaralan mo ang mga banal na kasulatan.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.